



Mga Teen at Telehealth

Oras na ba para sa pangkalusugang checkup ng teen mo? Maaaring maghandog ang iyong pediatrician ng mga telehealth na pagbisita sa pamamagitan ng mga video call at ibang mga malayuang opsiyon na maaaring makatipid ka ng biyahe sa opisina. Maraming teen at mga batang adult ang mas nais ng mga telehealth na pagpapatingin sa mga pagpapatingin sa tanggapan. Maaari silang magpatingin sa doktor na kilala nila at pinagkakatiwalaan gamit ang telepono o laptop.

Ang pagsisimula sa mga telehealth na pagpapatingin ngayon ay isang paraan para masuportahan mo ang lumalaking independensiya ng teen mo. Sa tulong mo, maaari silang matuto kung paano makipag-usap sa kanilang doktor sa ginhawa ng tahanan. Sa pamamagitan ng telehealth, nakikita ng mga pediatrician na mas nakikilala nila ang mga teen sa panahon na maraming pagbabago ang nagaganap. Ang mga batang tao ay mas madalas mas relaxed at handang makipag-usap.

Mga Benepisyo ng Telehealth

Makalikha ang telehealth ng tamang lugar at tamang oras para kumonekta sa iyong pediatrician. Napakaraming pagbabago sa yugtong ito ng buhay nila at ang pag-set up ng telehealth na pagpapatingin ay mahusay na paraan para makakuha ng malusog na patubay para sa daan sa hinaharap. Pinakamainam na hindi maghintay hanggang may bagay na mali bago humingi ng pag-aalaga. Sa gayon, mauuna ka kung mamali man ang teen mo.

- **Pagiging Naaayon:** Ang walang oras sa pagbiyahe ay nangangahulugan na an mga appointment ay mapapagkasya sa mga abalang iskedyl nang hindi kailangang magmaneho o gumamit ng pampublikong transportasyon.
- **Ginhawa:** Kung ninenerbiyos ang teen mo sa tanggapan ng doktor, ang pagpapatingin sa kanila gamit ang video o telepono ay maaaring makatulong na maalis ang tensiyon.
- **Suporta:** Maaaring kausapin ng doktor mo ang iyong teen tungkol sa mga isyu na nahhirapan sila tulad ng malusog na pagkain, pananatiling nakatuon, mga pagbabago sa kanilang mood, seksuwal na kalusugan, mga relasyon, at potensiyal na paggamit ng sangkap.
- **Pagiging Kumpidensiyal:** Ligtas ang pagpapatingin mo. Hindi ito naka-record at hindi binabahagi kaninoman.
- **Independensiya:** Ang mga teen at ang mga batang adult ay maaaring may mahalagang isahang oras sa doktor sa kasing tahimik na lugar hangga't posible sa tahanan o paaralan.

Isang boses para sa mga teen

Sa pagpapatingin, ang isahang oras sa pagitan ng iyong teen o batang adult at kanilang pediatrician ay nakakatulong na mapatibay ang relasyon nila. Tinataguyod nito ang panghabang-buhay na kalusugan at lumalaking independensiya. Ang mga pediatrician ay mga eksperto sa mga pag-uusap na ito!

Bagama't ang wala sa silid ay maaaring kakaiba sa ilang mga magulang at tagapag-alaga, nagbibigay ito ng boses sa mga kabataan at batang adult. Ipinakita ng pananaliksik na ang bahaging ito ng pagpapatingin ay makakatulong sa iyong teen na maging komportable sa pakikipag-usap tungkol sa mahahalagang isyu sa kalusugan. Panoorin ang video na ito para sa higit pang impormasyon at kausapin ang pediatrician mo tungkol sa pinakamabuting oras para lumabas sa kuwarto.

Makipag-partner sa Iyong Pediatrician

Ang mga teen at mga batang adult ay may kakaibang pangangailangan sa pag-aalaga ng kalusugan. Ang mga ito ay maaaring mga emosyonal na pangangailangan tulad ng pamamahala sa ligalig, depresyon, o pagdadalamhati. O maaaring pag-aalaga ito para sa sakit na matagal nang mayroon sila. Maaaring gustuhin nilang pag-usapan ang tungkol sa kanilang seksuwal na kalusugan at mga relasyon at humingi ng patnubay mula sa pinagkakatiwalaang pagkukunan. Bilang magulang o tagapagbigay ng pag-aalaga, gagabayan mo sila sa bawat hakbang ng kanilang mga taon bilang teen. Ang iyong pediatrician ay narito para tumulong nang sa personal at sa telehealth na pagpapatingin.

Maraming insurance plan ang sumasaklaw sa mga pediatric telehealth na appointment, pero laging magtanong sa iyong indibiduwal na insurance plan at sa opisina ng doktor mo bago mag-iskedyul ng appointment.